



# Tungkol sa Kalusugan

## Tuberculosis (TB)

### Ano ang tuberculosis (TB)?

Ang TB ay impeksyong sanhi ng bakteryang *Mycobacterium tuberculosis*. Ang baga ang pinakang apektado nito bagama't maaari ding makaapekto sa ibang bahagi ng katawan tulad ng balat, mga buto, lymph nodes, atay, digestive tract at central nervous system (utak at spinal cord).

### Paano kumakalat ang TB?

Ang TB ay kumakalat sa pamamagitan ng malapit na kontak sa isang maysakit nito. Kapag siya'y umubo, sumigaw, bumahin o nagsalita, ang mga taong nasa paligid niya ay maaring makalanghap ng maliit na patak o tilamsik na may kasamang bakteryang. Ito ay nanunuot sa kaloob-looban ng baga kung saan nagmumula ang impeksyon.

### Sino ang nanganganib na magkaroon ng TB?

Nagkakaroon ng *M. tuberculosis* kapag nagkaroon ng malapit na kontak sa isang taong may active TB sa baga. Kasama sa mga kondisyong nagpapalaki ng panganib na malantad sa TB ang tirahang masakip sa sobrang dami ng tao, homeless shelters, at bilangguan. Malapit rin sa panganib na magka-TB yung mga dating malakas uminom ng alak o gumamit ng drugs, gayundin ang mga taong galing sa iba't-ibang bansa na kung saan ang TB ay laganap tulad ng mga bansa sa Caribbean, Africa at Asia.

### Anu-ano ang mga yugto o bahagi ng TB?

Ang impeksyong sanhi ng bakteryang nagbibigay ng TB ay nagmumula sa baga. Ang normal at maayos na immune system kadalasa'y nakakayang masugpo ang impeksyon. Sa ganitong pangyayari, ang TB ay sinasabing latent o inactive. Hindi lalala ito, maliban na lamang kung hihina ang immune system. Sa latent TB, ang tanging palatandaan ng impeksyon ay positive skin test. (Tingnan ang "Paano ako magpapasuri sa TB?" sa susunod na bahagi.) Ang mga taong may latent TB ay hindi nakakahawa ng iba.

Kung ang immune system ay humina, maaaring hindi masugpo nito ang latent TB. Dahil ditto, lilitaw ang mga palatandaan ng active TB. Kasama dito ang lagnat, panggiginaw, pamamawis sa gabi, pamamayay, pag-ubo na may kasamang plema o dugo at panghihingal. Kung ang impeksyon ay kumalat sa ibang bahagi ng katawan, maaaring makaranas ng ibang sintomas, depende sa bahagi ng katawan na apektado. Ang taong may active TB ay makakahawa ng iba.

### Paano ako magpapasuri sa TB?

Para malaman kung may TB ka, bibigyan ka ng doktor o nars ng skin test na tinatawag na PPD. Tuturukan ka ng kaunting solution sa ilalim ng balat. Ang solusyong ito'y naglalaman ng protinang tulad ng bakteryang TB. Kailangang magbalik sa doktor sa loob ng 48 at 72 oras para tingnan kung ano ang resulta ng pagsusuri.

Kung nagkaroon ka na ng TB noong araw, at mainam ang iyong immune system, magkakaroon



ka ng mga cells na may reaksyon sa protina ng test solution. Samakatwid, ang tinurukan ay mamumula at mamamaga. Ito ang tinatawag na positive PPD o positive TB skin test.

### **Ano ang ibig sabihin ng positive PPD o TB skin test?**

Ang positive skin test ay nagsasabing nagkaroon ka na ng TB bacteria noong araw. Hindi ito nangangahulugang mayroon kang active TB at makakahawa ka ng iba. Kung positive ang skin test mo at may ibang palatandaan ng TB, ang doktor ay malamang na humingi ng X-ray ng dibdib, sampol ng sputum (plema) at magsagawa ng iba pang pagsusuri ayon sa mga sintomas mo.

### **Paano ginagamot ang TB?**

Ang latent TB ay kadalasang ginagamot ng isoniazid (INH) at vitamin B6 sa loob ng anim na buwan. Pipigilan nito sa pagiging active TB ang latent TB. Ang mas maikling paggamot sa pamamagitan ng combination therapy ay ihinahatol paminsan-minsan.

Ang paggamot ng active TB infection ay nangangailangan ng kombinasyon ng iba't ibang antibiotics sa loob ng anim na buwan. Kailangang inumin ang mga gamot araw-araw para labanan ang impeksyon. Ang pagsala sa pag-inom ng gamot, o ang pag-inom ng maikli kaysa takdang panahon, ay maaring maging sanhi ng hindi pagkakabisa ng mga gamot. Ito'y dahilan sa ang bakterya ay nakalalaban sa mga antibiotics. Kung mahihirapan sa pag-inom ng sa paraang naihatol, makipag-usap kaagad sa iyong doktor, nars o parmasyutiko.

### **Paano nauugnay ang TB sa HIV infection?**

Ang mga taong mayroong TB bacteria at may HIV ay mas malamang magkaroon ng sakit kaysa sa mga taong walang HIV. Isa pa, ang mga may HIV/AIDS ay nanganganib na magkaroon ng TB sa ibang bahagi ng katawan bukod sa baga. Ang komplikasyong ito ay tinatawag na extrapulmonary TB.

Kung mayroon kang HIV, ang doktor mo ay dapat magsagawa ng TB skin test minsan sa isang taon. Ang may HIV na may latent (inactive TB) ay mataas ang panganib na magkaroon ng active TB, subali't mababawasan ito kung iinom ng gamot na isoniazid (INH) at vitamin B6 sa loob ng siyam na buwan.

Kung imiinom ng mga gamot laban sa HIV, maapektuhan nito ang mapagpipiliang mga gamot sa TB. Halimbawa, ang rifampin na karaniwang ginagamit sa TB ay hindi magagamit ligtas na magagamit kasama ng protease inhibitor o non-nukes (NNRTIs). Makipag-usap sa iyong doktor at parmasyutiko tungkol sa ibang gamot na maaaring pagpilian.

**Copyright @ACAS 2001 & 2003.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [support@acas.org](mailto:support@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.